



ORDINANSA PARA SA MGA MANGGAGAWA SA TAHANAN May bisa mula Hulyo 1, 2019

Mga Manggagawa sa Tahanan: Alam Niyo Ba?

Kung nagtatrabaho ka sa isang tahanan bilang:

- Yaya
- Manggagawang Tagapagbigay ng Pangangalaga sa Tahanan
- Tagalinis ng Tahanan
- Hardinero
- Tagaluto
- Tagapamahala ng Sambahayan

May karapatan ka sa/na:

- Minimum na sahod sa Seattle
- Mga oras ng pagkain at pahinga na walang gambala, o karagdagang bayad kung wala kang oras ng pahinga
- Isang araw (24 na oras) ng pahinga pagkatapos magtrabaho nang anim na magkakasunod na araw, para sa mga manggagawang naninirahan o natutulog sa lugar kung saan sila nagtatrabaho
- Itago ang iyong mga dokumento at personal na gamit
- Maprotektahan laban sa seksuwal na panliligalig (harassment) at diskriminasyon

Narito ang Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Paggawa (OLS, Office of Labor Standards) ng Seattle upang tulungan ang mga manggagawa na maintindihan ang kanilang mga karapatan, at imbestigahan ang mga posibleng paglabag sa batas. Para sa mga katanungan, o upang mag-ulat ng mga paglabag, mangyaring tumawag sa **(206) 256-5297**, o magpadala ng email sa laborstandards@seattle.gov.

ANG AMING PANGAKO

Narito kami para tumulong! Hinihikayat ka naming tumawag para magtanong tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng bagong batas na ito. Hindi kailanman magtatanong ang Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Paggawa tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon. Nagbibigay kami ng pagsasalín (interpretation) ng wika at libre ang aming mga serbisyo.



ORDINANSA PARA SA MGA MANGGAGAWA SA TAHANAN May bisa mula Hulyo 1, 2019

Mga Umuupang Entidad: Alam Niyo Ba?

Itinuturing kang "umuupang entidad o hiring entity" kung nagbabayad ka para sa mga serbisyong ito:

- Yaya
- Manggagawang Tagapagbigay ng Pangangalaga sa Tahanan
- Tagalinis ng Tahanan
- Hardinero
- Tagaluto
- Tagapamahala ng Sambahayan

Ang iyong inuupahang manggagawa sa tahanan ay mayroong mga sumusunod na karapatan:

- Minimum na sahod sa Seattle
- Mga oras ng pagkain at pahinga na walang gambala, o karagdang bayad kung hindi ka magbibigay ng oras ng pahinga
- Isang araw (24 na oras) ng pahinga pagkatapos magtrabaho nang anim na magkakasunod na araw, para sa mga manggagawang naninirahan o natutulog sa lugar kung saan sila nagtatrabaho
- Itago ang kaniyang mga dokumento at personal na gamit
- Maprotektahan laban sa seksuwal na panliligalig (harassment) at diskriminasyon

Narito ang Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Paggawa (OLS, Office of Labor Standards) upang tulungan ang mga umuupang entidad para sumunod sa bagong batas na ito. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring tumawag sa **(206) 256-5297**, o magpadala ng email sa **laborstandards@seattle.gov**.

ANG AMING PANGAKO

Narito kami para tumulong! Hinihikayat ka naming tumawag para magtanong tungkol sa kung paano ka makakasunod sa bagong batas na ito. Kung tatawag ka sa aming tanggapan para magtanong, magbibigay ang tauhan ng OLS ng pribadong payo at hindi ka isusumbong sa aming tauhan ng pagpapatupad ng batas. Ligtas ang iyong mga katanungan sa amin.